**Ito ang kauna-unahang pagkakataon na lumahok ang National Human Rights Commission sa isang International Book Fair, at tinangka naming lumikha ng isang eksibisyon na maaaring mapaunlakan ang lahat.**

Inaanyayahan namin ang mga grupo ng karapatang pantao na ibahagi ang iba't ibang mga karapatan na kadalasan ay madaling kaligtaan nang nagdaan lipunan at ang mga tema ay patungkol sa kalayaan ng pagpapahayag, pagkakapantay-pantay ng kasarian at mga balakid, kung paano nakamit ang pag-unlad ngayon ay dahil sa mga pagsisikap ng lipunang sibil ng Taiwan. Ang isang extension nito ay ang paggamit naming ng mga pamantayan sa unibersal na disenyo at sumangguni sa mga detalye ng maraming mga bansa para sa taas ng mesa, espesyal na disenyo ng mga booth, hanay ng paningin sa pagbabasa, mga nangangailangan para sa madaling pagkilos ng mga gumagamit ng wheelchair, atbp., upang planuhin ang espasyo sa eksibisyon ng libro. Umaasa na maisulong ang iba't ibang karanasan sa pagbabasa ng mga manunuod.

**Sa "Open Pages : ng Human Rights Accessibility Reading Festival", ipapakita namin ang aming mga karapatan**:

- ☑ Sa pamamagitan ng impormasyon na natipon ng National Human Rights Commission, inilunsad ang Human Rights Action Library, para mabasa ng mga tagapakinig sa lugar, at inaanyayahan ang lahat na galugarin ang trajectory para sa pag-unlad ng karapatang pantao.
- ☑ Para sa mga bulag,amblyopia, low vision at iba pang mga may kapansanan sa paningin,gumawa kami ng isang "booth flat touchpad" na nagbibigay-daan sa mga taong may kapansanan sa paningin na maunawaan ang spatial configuration at pag-aangkop, at palitan ang teksto ng eksibisyon na "Exhibition Dual Vision Handbook".
- ☑ Magmula nang maitatag ang National Human Rights Commission ito ay nagbibigay daan para sa pagpapahayag kabilang ang bersyon ng Braille (in-writing), mga bersyon ng sign language, bersyon ng audiobook,at madaling ibenta at iba pang serbisyo kabilang ang mga independyanteng opinion sa pagsusuri.

# Buklatin ang mga pahina

## Human Rights Accessibility Reading Festival

**2024 Taipei International Book Fair TiBE**

**2.20** (Martes) — **25** (Linggo)

**Taipei World Trade Center C319**

## Pambansang Komisyon sa Karapatang Pantao

Ang mga grupong sibiko ng Taiwan na nakatuon sa mga karapatang pantao, na pagkatapos ng 20 taon ng inisyatiba at pagsisikap ay humantong sa pagtatatag ng National Human Rights Commission noong Agosto 1, 2020. Ayon sa Paris Principles na pinagtibay ng United Nations, ang pinakamahalagang tungkulin ng pambansang institusyon ng karapatang pantao ay ang pagsulong at pangangalaga sa karapatang pantao,at ang mga pangunahing prinsipyo ay kalayaan, responsibilidad at pluralismo.

Ang karapatang pantao ay walang hangganan at patuloy na hangarin, at inaanyayahan kayo ng National Human Rights Commission na sumali sa hanay ng tao sa pagkilos upang hayaang unibersal na makilala at maipatupad ang kahalagaan ng karapatang pantao sa Taiwan.

國家人權委員會
NATIONAL HUMAN RIGHTS COMMISSION, TAIWAN

website

facebook

Salon ng Human Rights



## Ang pag-unlad ng kalayaan sa pagsasalita sa Taiwansailalim ng hegemonya ng Tsino

**2.24** (Sabado) **14:30-15:30**

← Tagapagsalita : Li Ming-Qi

Taong 2017 ng Marso, matapos makapasok sa China ay nawalan na ng balita tungkol kay Li Ming-Qi. At sa parehong taon siya ay hinatulan ng limang taon pagkabilanggo sa krimen ng subersyon (subversion) ng estado, at sa panahong iyon siya ay sumailalim sa maling paglilitis at pagkakulong. Hindi lamang sila hinigpitan sa pagsulat na mailabas sa buong bansa, pinagbawalan din silang bisitahin ng kanilang mga pamilya, walang paraan upang malaman ang tunay na kalagayan nila sa loob ng bilangguan.

Matapos makulong sa Tsina ng higit sa 1,852 araw, sa wakas ay nakabalik si Li Ming-Qi sa Taiwan noong Abril 15, 2022, at inanyayahan siyang ibahagi ang kanyang mga saloobin at aksyon kung paano niya hinarap ang pamahalaan ng Tsina, at ginamit din sa paglalathala ng libro ng National Human Rights Commission "100% Distance : The Process of Freedom of Speech in Taiwan", upang kasamang makapag-isip ang mga mambabasa, ngunit kapag ang pinagmamalaking kalayaan sa pagsasalita ng Taiwan ay patuloy na pinagbabantaan at hinahamon ng Tsina, anong uri ng inspirasyon ang maidudulot ng kanyang pagsasanay sa lipunang sibil ng Taiwan.

Open Pages 1

# Kalayaan sa Pagsasalita

---



## "TOGETHER, STRONGER IN THE RAIN" Sa loob ng pamilya ng mga bakla (GAY)

**2.25** (Linggo) **14:00-15:00**

← Tagapagsalita : Li Yi-Qi

"Ano nga ba ang tahanan? o maaaring maging ano ang tahanan ? Para sa amin, talaga bang kailangan natin ng tahanan? " Sa panayam na ito, inanyayahan si Li Yi-Qi, ang may akda ng "Nanay, Qiqi, at ang Kanilang Anak na Babae", na ibahagi niya at ng kanyang partner kasama ang 2 anak na babae sa kanilang pang araw araw na buhay, mula sa pananaw nitong apat na mga taong nasaktan sa kanilang "tahanan", kung paano nila muling bubuhaying ang walang katapusang imahinasyon ng "tahanan"?

Ang dokumentaryong "TOGETHER, STRONGER IN THE RAIN" na ginawa ng National Human Rights Commission ay nakuhanan din ang takbo ng buhay ng mga pamilya ng mga bakla kabilang na si Li Yi-Qi. Magmula sa paghahanap ng magbubuntis, pag-ampon hanggang sa simula ng pagpapamilya, ang mga pamilyang bakla ay nahaharap sa maraming sitwasyon nang magkakasama sa iba't ibang yugto ng buhay. Sana sa pamamagitan ng pelikula ay maunawaan ng mga mambabasa : Anuman ang kasarian, tayong lahat ay naghahanap ng pag-mamahal, at wala itong pinagkaiba sa mga heterosexual.

Open Pages 2

# Pagkakapantay-pantay ng kasarian

---



## Pagtatag ng isang inklusibo at pantay na lipunan para sa mga taong may kapansanan

**2.25** (Linggo) **14:30-15:30**

← Tagapagsalita : Leo (Ji-Ren)

Si Leo (Ji-Ren), ay nagtamo ng pinsala sa spinal cord dahil sa aksidente sa trapiko noong nagdaan panahon, Sa unang video na in-upload niya, "The Laziest Youtuber in Taiwan, He Can't Even Stand Up!" Sinabi niya: "Madalas akong tanungin ng mga tao kung paano ako nabubuhay na masaya pagkatapos na magkapinsala, ngunit pagtapos ng aksidente saka ko napagtanto na iisa lang ang ating buhay, at dapat kong samantalahin ang bawat sandali, kaya ninais kong gumawa ng ilang mga video upang maibahagi ko sa lahat ang aking buhay sa wheelchair."

Sa panayam na ito, inaanyayahan si Leo(Ji-Ren) , upang ibahagi kung ano ang mga paghihirap na maaaring maranasan ng mga taong may kapansanan na hindi lubos na maisip ng mga ordinaryong tao, at kung paano tayo makakalikha ng isang mas inklusibo at pantay na lipunan sa pamamagitan ng akumulasyon ng iba't ibang maliliit na aksyon mula sa gobyerno, mga non-government na organisasyon, at ang lipunan ay nag-aanyaya din sa lahat na lumahok sa isang walang hadlang na karanasan sa panonood sa pamamagitan ng book exhibition space ng National Human Rights Commission.

Open Pages 3

# Mga balakid o hadlang sa Pantay na Karapatan

National Human Rights Commission | Booth C319